EMPLOYMENT ONTARIO
Ontario's employment & training network

Ontario

Ang Ugnay sa Trabaho

Itong programa ng Pamahalaan ng Ontario ay tumutulong sa mga tao para makakuha ng mapanatiling trabaho sa pamamagitan ng pag-ugnay ng puwang sa mga taong naghahanap ng trabaho at sa mga pinglilingkuran na naghahanap ng mga bagong empleyado para sa pangangailangan nila sa negosyo.

Nag-aalok ito ng isang hanay ng mga serbisyo para tugunin ang pangangailangan ng mga tao ng trabaho at pagtuturo at ang pangangailangan ng mga pinaglilingkuran ng mga empleyadong bihasa. Puwede itong tumulong sa mga tao para makadating sa isang daan na mas mataas ang kabihasnan sa trabaho. Ang mga serbisyo ay maaring kunin sa buong panig ng Ontario.

Ang mga pinaglilingkuran na nangangasiwa sa Ontario na naghahanap umupa ng tauhan ay puweding makinabang sa mga serbisyo ng Ugnay sa Trabaho (Job Connect).

Ano ang mga serbisyong maaring kunin?

Ang Programa ay may serbisyo ng tatlong bahagi na tumutugma para sa pangangailangan ng isang tao:

- Ang Serbisyo para Balita at Kakayahan (Information and Resource Service) ay nagbibigay ng mga gawain, balita at kakayahan sa mga karera at hanapbuhay, ang pampook na palengke sa trabaho, mga pagkakataon para sa pagtuturo at mga estrategis sa paghanap ng trabaho. Mayroong balita tungkol sa pagtuturo ng aprentis at kakayahan para sa mga taong naturuhan sa labas ng pais na naghahanap ng trabaho na katumbas ng kanilang kabihasnan at karanasan.
- Ang Pagplaplano ng Trabaho at Paghahanda (Employment Planning and Preparation) ay nag-aalok sa mga tao ng tulong na kailangan para liwanagin ang kanilang pangangailangan sa trabaho at para mabuo nila ang planong gagawin, tumutulong sa pagpapasiya at sa paghahanap ng trabaho.
- Ang Tulong sa Pagbuo ng Trabaho at Paglagay sa Trabaho (Job Development and Placement Support) ay nagbibigay ng paglagay sa trabaho mula sa karanasan sa trabaho at/o sa pagtuturo sa trabaho.

Papano puweding makinabang ang mga pinaglilingkuran sa Ugnay sa Trabaho?

Ang mga pinaglilingkuran na naghahanap umupa ng mga tauhan ay puweding mag-alok ng trabaho sa pamamagitan ng Serbisyo para Balita at Kakayahan. Ang mga tauhan ng Ugnay sa Trabaho ay puweding magbigay sa mga pinaglilingkuran ng mga serbisyo para mainterbyu at makahanap ng tauhan para sa pangangailangan ng kanilang negosyo. Sa pamamagitan ng Tulong sa Pagbuo ng Trabaho at Paglagay sa Trabaho, ang mga pinaglilingkuran ay maaring maging karapatdapat sa mga insentib ng pagtuturo para mabawi and mga ilang gastos sa pagbigay ng pagtuturo sa trabaho/karanasan sa trabaho ng isang kasali sa Ugnay sa Trabaho.

Sino ang puweding sumali?

- **Serbisyo para Balita at Kakayahan:** Sinumang naghahanap ng trabaho at/o pagsasanay ay maaaring gumamit nitong kakayahan sa komunidad. Hindi kailangan and tipanan.

- **Tulong sa Pagplano ng Trabaho at Paghahanda at Pagbuo ng Trabaho at Paglagay sa Trabaho:** Ang mga taong may edad na 16 taon man lang sana, hindi nag-aaral sa eskuwela at walang trabaho, at hindi tumatanggap ng benepisyo sa “Employment Insurance”.

Papano ko magagamit ang serbisyo?

1-800-387-5656
(416) 326-5656 (Toronto)

www.ontario.ca/employmentontario

ISBN 1-4249-2456-1